REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

**KAPASIYAHAN PANGLUNGSOD BILANG 96-310**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD NA NAG-GAGAWAD NG KAPANGYARIHAN SA KGG. IGNACIO R. BUNYE NA PUMASOK SA KASUNDUAN NG PAG-UPA NG "APARTMENT UNIT" NA TUTULUYAN NG "JAPANESE OVERSEAS COOPERATING VOLUNTEER" NA SI ATSUSHI MIYAZAKI ALINSUNOD SA "JUDO DEVELOPMENT AND PROPAGATING PROGRAM" NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

*********************************************************************************

**Ipinanukala ni : KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**Kasamang nagpanukala : Lahat ng Miyembro ng Sangguniang Panglungsod**

*********************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay bumalangkas at nagpapatupad ng isang programa sa pagpapalaganap. pagtataguyod at pagpapaunlad ng palakasang judo sa ating lungsod;

**SAPAGKAT,** ang programang nabanggit ay sinimulang inilunsad noong Pebrero 8. 1992. sa pakikipagtulungan ng NBP Judo Club. at ito ay patuloy na pina-iiral hanggang sa kasalukuyan upang ang mahigit na limang daang (500) kabataan na may edad mula anim (6) hanggang labing-walong (18) taong gulang. na nagbibigay karangalan sa ating Lungsod tuwing tayo ay sumasali sa mga torneo ng Judo. ay magkamit pa ng ibayong kaalaman at kahusayan sa larangan ng Judo;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay humiling sa "Japan Overseas Cooperation Volunteer Service upang tayo ay mapagkalooban ng isang "Volunteer Judo Instructor/ Coordinator" na sasanay sa ating mga manlalaro;

**SAPAGKAT,** itinalaga ng Japan Overseas Cooperation Volunteer si **G. ATSUSHI MIYAZAKI,** na tutulong sa ating **JUDO DEVELOPMENT AND PROPAGATION PROGRAM**. matapos na ang ating kahilingan ay mapatunayang totoo ni **RUTH D. RUIZ**. Officer-In-Charge. Philippine National Volunteer Service. na siya ring tumulong na mapagtibay at sang-ayunan ang ating kahilingan;

**SAPAGKAT,** bilang hakbang upang malubos ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Judo Instructor/Coordinator at mga tinuturuang manlalaro. sinagot ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa. ng "Language Tutorial Service" at Housing Accommodation ni **G. ATSUSHI MIYAZAKI**. na pansamantalang manunuluyan sa ating Lungsod habang siya ay nagtuturo sa ating mga manlalaro;

**SAPAGKAT,** sa "Memorandum of Agreement" na isinagawa sa pagitan ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa at **G. ATSUSHI MIYAZAKI**. pinagkasunduan na si G. ATSUSHI MIYAZAKI. ay magtuturo sa ating manlalaro sa loob ng walong (8) buwan at ang Pamahalaang Lungsod naman ay pagkakalooban siya ng matutuluyan;

**SAPAGKAT,** si **G. ATSUSHI MIYAZAKI** ay nagsimula ng tumira sa inuupahang bahay na pag-aari ni REMEDIOS B. YSIP na matatagpuan sa Block 8 Lot 4 Sto. Nino Village. Lungsod ng Muntinlupa. sa halagang Anim na Libong Piso (P6.000.00) bawat buwan na tumagal lamang ng dalawang (2) buwan. Ito ay nagkabisa noong Mayo 14. 1996 at nagwakas noong ika - 14 ng Hulyo. 1996. alinsunod sa kasunduan ng pagpapaupa na dito ay makilala bilang Lakip "A";

**SAPAGKAT,** sa kadahilanan na ang kabuuang programa sa pagtuturo ng "Judo Instructor" ay walong (8) buwan at ang naunang kasunduan sa pagpapaupa ay sumasakop lamang sa dalawang buwan. tayo ay nagsagawa ng panibagong kasunduan sa pag-upa. Ito ay isang "Studio Type Apartment" na pag-aari ni **ALMA J. LACSON**. na matatagpuan sa Cattleya St.. JPA Subdivision Tunasan. Lungsod ng Muntinlupa. sa halagang Apat na Libong Piso (P4.000.00) bawat buwan at Labing Dalawang Libong Piso (P12.000.00) na kumakatawan sa dalawang (2) buwan deposito at isang (1) buwang paunang bayad. na tatagal ng anim (6) na buwan simula Hulyo 15. 1996 hanggang Enero 15. 1997. at makikilala bilang Lakip "B".

Pahina -2-
Kapasiyahang Panglungsod Bilang 96-310

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ay buong pagkakaisang pinagtibay ang Kapasiyahang Panglungsod na nag-gagawad ng kapangyarihan sa Kgg. Ignacio R. Bunye na pumasok sa kasunduan ng pag-upa ng "APARTMENT UNIT" kina REMEDIOS YSIP at ALMA LACSON para sa pansamantalang pagtira ng "Japanese Overseas Cooperating Volunteer" na si **ATSUSHI MIYAZAKI** alinsunod sa **"JUDO DEVELOPMENT AND PROPAGATING PROGRAM"** ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa.

**PINAGTIBAY** ngayong ika- 19 ng Agosto, 1996, ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa, sa ginanap na ika-51 Regular na Sesyon.

**SUMANG-AYON:**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**



**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**Pinatototohanan ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.**

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

PINATUTUNAYAN:

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

PINAGTIBAY:

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

**Petsa :** 9/11

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, City of Muntinlupa, Philippines
Tel. Nos. 842-35-35
(local 51) 842-36-64
Fax No. 842-61-96